



Oktubre 17, 2022

## Karaniwang mga Tanong (FAQ) tungkol sa COVID-19 Bivalent Booster

Ang **Illinois Department of Public Health (IDPH)** ay gumawa ng isang **Karaniwang mga Tanong (FAQ, akronim nito sa Ingles)** na dokumento para magbigay ng mga pinakabagong sagot sa mga katanungan tungkol sa na-update na COVID-19 Bivalent Booster. Ang impormasyong ito ay nagmula sa patnubay mula sa IDPH, Centers for Disease Control and Prevention (CDC), at mga katuwang na ahensya.

### Sino ang eligible para sa bivalent booster?

Ang bivalent boosters ay available sa mga edad 5 pataas na nakatanggap ng kanilang pangunahing serye (2 dosis ng Moderna o Pfizer, 1 dosis ng J&J).

Noong Oktubre 12, 2022, pinahintulutan ng FDA ang paggamit ng na-update na mga bakuna sa COVID-19 para sa mga batang 5 taong gulang.

- Ang bakunang Pfizer-BioNTech ay available sa mga batang edad 5 hanggang 11 taon.
- Ang bakunang Moderna ay available sa mga bata at kabataan na may edad 6 hanggang 17 taon.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa elehibilidad, bisitahin ang [CDC Stay Up to Date with Vaccines](#) website.

### Ano ang ginagawa ng bivalent booster?

Ang mga na-update na (bivalent) booster ay tinatawag na “bivalent” dahil ang mga ito ay nagbibigay ng proteksiyon laban sa **kapwa** orihinal na birus na nagdudulot ng COVID-19 **at** sa variant ng Omicron, kabilang ang mga subvariant BA.4 at BA.5.

### Kailan ko makukuha ang na-update na booster?

Ang sinumang eligible (tingnan sa itaas) at hindi nakatanggap ng anumang pangunahing serye o booster na dosis ng bakuna sa COVID-19 sa nakalipas na 2 buwan ay dapat kumuha ng kanilang booster. **Kung ikaw ay nagpositibo sa COVID-19 sa nakaraan**, inirerekumenda na ikaw ay maghintay rin ng hindi bababa sa 3 buwan mula nang ikaw ay nagkaimpeksyon ng COVID-19 para matanggap ang bakuna.

### Maaari ba akong makukuha ng anumang uri ng bakuna sa COVID-19 para sa dosis ng booster?

Oo. Ayon sa CDC, maaari mong “i-mix and match” ang alinman sa mga available na bivalent na bakuna sa COVID-19 para sa iyong dosis ng booster.

### Ilang dosis ng bivalent booster ang kailangan?

Sa ngayon, tanging isang dosis ng booster ang inirerekomenda ng CDC.

### Paano kung ako ay may mahinang imunidad [immunocompromised]?

Kung ikaw ay immunocompromised, mas mahalaga na ikaw ay maging up to date sa mga booster ng COVID-19. Bisitahin ang website ng CDC: [CDC COVID-19 Vaccines for People Who Are Moderately or Severely Immunocompromised](#) para sa higit pang mga detalye.

### Saan ko makukuha ang bivalent booster na ito?

Ang pinakamahasag na paraan para makahanap ng isang provider ng bakuna na malapit sa inyo ay pumunta sa [www.vaccines.gov](http://www.vaccines.gov) at maghanap ng availability ng bivalent booster.

### Maaari ko bang makuha ang COVID-19 bivalent booster AT ang flu shot nang sabay?

Oo – at hinihikayat ito!

---

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, kabilang ang patnubay sa pagsusuri at paggamot, bisitahin ang [IDPH Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#) website.